

Awit 57

“1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin; sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo. Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito. 2 Ako'y dadaing sa Dios na Kataastaasan; sa Dios na nagsagawa ng lahat na mga bagay sa akin. 3 Siya'y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako, pagka yaong lulunok sa akin ay dumuduwahagi; (Selah) susuguin ng Dios ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan. 4 Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako'y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang kanilang dila ay matalas na tabak. 5 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa. 6 Kanilang hinandaan ng silo ang aking mga hakbang. Ang aking kaluluwa ay nakayuko: sila'y nagsihukay ng isang lungaw sa harap ko. Sila'y nangahulog sa gitna niyaon. (Selah) 7 Ang aking puso ay matatag, Oh Dios, ang aking puso ay matatag: ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri. 8 Gumising ka, kaluwalhatian ko; gumising ka, salterio at alpa: ako'y gigising na maaga. 9 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bayan: ako'y aawit sa iyo ng mga pag puri sa gitna ng mga bansa. 10 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay dakila hanggang sa mga langit, at ang iyong katotohanan hanggang sa mga alapaap. 11 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.” (Awit 57 KJV)

Isinulat ni David ang awiting ito sa pangyayari nang natuntun siya at nasundan ni Haring Saul sa pagnanais na patayin siya. Siya ay nasa katibayan sa Engedi, nang siya at ang kanyang mga hukbo ay pumasok sa yungib at nakita na si Saul ay pumapasok sa parehong yungib na nagtatago siya kasama ang kanyang mag tauhan. Mababasa natin ang salaysay ng kwentong ito sa **1 Samuel 24:1-7**, *“1 At nangyari, nang si Saul ay bumalik na mula sa paghabol sa mga Filisteo, na nasaysay sa kaniya, na sinasabi, Narito, si David ay nasa ilang ng Engaddi. 2 Nang magkagayo'y kumuha si Saul ng tatlong libong piling lalake sa buong Israel, at yumaong inusig si David at ang kaniyang mga lalake sa mga bundok ng mailap na kambing. 3 At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroonan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang mga tao ay tumatahan sa pinakaloob na bahagi ng yungib. 4 At sinabi ng mga tao ni David sa kaniya, Narito, ang araw na sinabi ng PANGINOON sa iyo, Narito, aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kaniya kung ano ang mabuthin mo. Nang magkagayo'y tumindig si David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul. 5 At nangyari pagkatapos, na nagdamdam ang puso ni David, sapagka't kaniyang pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul. 6 At kaniyang sinabi sa kaniyang mga lalake, Huwag itulot ng PANGINOON na ako'y gumawa ng ganitong bagay sa aking panginoon, na pinahiran ng langis ng PANGINOON, na aking iunat ang aking kamay laban sa kaniya, yamang siya ang pinahiran ng langis ng PANGINOON. 7 Sa gayo'y pinigilan ni David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad.” (1 Samiel 24:1-7 KJV)*

Kasama ni David ang kanyang anim na raang hukbo, nang pumasok sila sa yungib upang magtago kay Haring Saul na tumutugis sa kanila kasama ang tatlong libong piniling lalaki upang hanapin ang buhay ni David. **“13 Nang magkagayo'y si David at ang kaniyang mga tao na anim na raan, ay tumindig at umalis sa Keila, at naparoon kung saan sila makakaparoon. At nasaysay kay Saul na si David ay tumanan sa Keila, at siya'y tumigil ng paglabas. 14 At si David ay tumahan sa ilang sa mga katibayan, at nanira sa lupaing maburot sa ilang ng Ziph. At pinag-uusig siya ni Saul araw-araw, nguni't hindi siya ibinigay ng Dios sa kaniyang kamay. 15 At nakita ni David na lumalabas si Saul upang usigin ang kaniyang buhay: at si David ay nasa ilang ng Ziph sa gubat.” (1 Samuel 23:13-15 KJV)** **“19 Nang magkagayo'y inahon ng mga Zipheo si Saul, sa Gabaa, na sinasabi, Hindi ba nagkukubli sa amin si David sa mga katibayan sa gubat, sa burol ng Hachila, na nasa timugan ng ilang? 20 Ngayon nga, Oh hari, lumusong ka, ayon sa buong adhika ng iyong kalooban na lumusong; at ang aming bahagi ay ibibigay sa kamay ng hari. 21 At sinabi ni Saul, Pagpalain nawa kayo ng PANGINOON; sapagka't kayo'y nahabag sa akin. 22 Kayo'y yumaon, isinasamo ko sa inyo, inyong turuling maigi, at alamin at tingnan ang kaniyang kinaroroonan, at kung sino ang nakakita sa kaniya roon: sapagka't nasaysay sa akin na siya'y nagpapakatalino. 23 Inyo ngang tingnan, at alamin ang mga kublihang dako na kaniyang pinagtataguan, at bumalik kayo sa akin na may katunayan, at ako'y paroroong kasama ninyo: at mangyayari, kung siya'y nasa lupain, ay aking sisiyasatin siya sa gitna ng lahat ng mga libolibo sa Juda. 24 At sila'y tumindig at naparoon sa Ziph na nagpauna kay Saul: nguni't si David at ang kaniyang mga tao ay nasa ilang ng Maon sa Araba sa timugan ng ilang. 25 At si Saul at ang kaniyang mga tao ay naparoon upang pag-usigin siya. At kanilang sinaysay kay David: kaya't siya'y lumusong sa burol na bato at tumahan sa ilang ng Maon. At nang mabalitaan ni Saul, kaniyang hinabol si David sa ilang ng Maon. 26 At naparoon si Saul sa dakong ito ng bundok, at si David at ang kaniyang mga tao ay sa dakong yaon ng bundok: at si David ay nagmadaling umalis dahil sa takot kay Saul; sapagka't kinukubkob ni Saul at ng kaniyang mga tao si David at ang kaniyang mga tao upang sila'y hulihin. 27 Nguni't dumating ang isang sugo kay Saul, na nagsasabi, Magmadali ka at parito ka; sapagka't ang mga Filisteo ay sumalakay sa lupain. 28 Sa gayo'y bumalik si Saul na mula sa paghabol kay David, at naparoon laban sa mga Filisteo: kaya't**

kanilang tinawag ang dakong yaon na Sela-hammahlecoth. 29 At si David ay umahon mula roon, at tumahan sa mga katibayan ng En-gaddi.” (1 Samuel 23:19-29 KJV)

Mula sa ating nabasa, si David ay dumaraan sa matinding pagsubok at tiyak na puno ang kanyang isipan ng mabibigat na iniisip, at maaaring naitanong pa niya kung bakit niya dinadaan ang lahat ng iyon at bakit hinahayaan ng God na ipagpatuloy ni Haring Saul ang pagtugis sa kanya. Ito ba ay dahil sa kasalanan? Ito ba ay pagsubok sa kanyang pananampalataya? Ito ba ay bunga ng pagkakamali o kasalananang nagawa niya? Ganun din ang buhay, maaari itong maglagay ng panggigipit sa atin at subukin tayo mula sa bawat panig o sulok. Kaya hindi natin dapat tingnan ang mga bagay sa negatibong paraan at isipin na laban sa atin ang Dios. **Huwag hayaang ang pagsubok na pinagdadaanan mo na maramdaman mo o mapaniwala na laban sa iyo ang Dios o wala ang Dios sa iyo. Hinahayaan ka ng Dios na dumaan sa ganoong pagsubok para sa isang layunin at para sa tamang panahon, at ang kailangan mo lang gawin ay tiisin at magpatuloy dito.**

“1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin; sapagka't ang aking kaluluwa ay nanganganlong sa iyo. Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito.” (Awit 57:1 KJV) Nagtatago si David kasama ng kanyang anim na raang lalaki sa napakalaking yungib, at hindi nila inaasahan na darating si Saul sa parehong lugar na pinagtataguan nila. Tiyak iyon ay isang napaka-di-inaasahang pangyayari na naranasan nina David at ng kanyang mga tauhan sa kanilang buhay. Mas maliit ang pasukan ng mga malalaking yungib sa bundok kaysa sa laki nito. Nagtatago sina David at ang kanyang mga tauhan sa likod ng yungib sa dilim at nakatuon ang kanilang mga mata sa pasukan ng yungib. Bigla na lang nilang makikita ang hukbo ng Israel, si Haring Saul kasama ang tatlong libong lalaki na papalapit sa pasukan ng yungib. Para bang nakikita nila ang katapusan ng kanilang buhay at pinapanood ang panganib na papalapit sa kanila.

Minsan, maaaring may tiwala tayo sa ilang bagay sa ating buhay na maaari nating gamitin para magtago mula sa mga banta at panganib. Maaaring may tiwala ang ibang tao o ikaw mismo sa mga kaibigan, ilang makapangyarihang tao, pera, talento, propesyon, kapangyarihan ng tao, o kahit anong makabagong siyentipikong bagay na iniisip mo o nila ay makakatulong sa kanila sa pagharap sa mga banta at panganib. Pero sa totoong buhay, maaaring mahalaga ang mga ito, pero hindi nito mapapalitan ang pangangailangan ng Dios sa kanilang buhay o sa iyong buhay.

Sa lugar na akala natin ligtas tayo, sa parehong lugar maaari nating makita ang mga leon sa paligid natin. Maaaring umaasa si David na ang liblib na yungib na ito ay magiging magandang taguan laban sa kaaway, pero ngayon nakita niyang hindi ito nakapagbigay ng proteksyon sa kanya. Dumating ang panganib sa lugar na akala niya ay ligtas. Kaya't siya ay umiyak sa Dios na maging mahabagin sa kanya. **“Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin.”** Dito si David, ipinahayag niya ang kanyang kalagayan na nagtiwala siya sa Panginoon at sa Kanyang kapangyarihan, at siya'y nagtatago sa lilim ng Kanyang mga pakpak, **“Oo, sa lilim ng iyong mga pakpak ay manganganlong ako, hanggang sa makaraan ang mga kasakunaang ito.” (Awit 57:1 KJV)** Sa parehong paraan, ngayon sa mga pagsubok na pinagdaraan natin ay dapat makatulong sa atin na maunawaan na ang pinagbatayan natin ng tiwala ay walang silbi. Ang magtiwala sa Dios at magtago sa ilalim ng kanyang mga pakpak ang pinakamagandang lugar na maaari nating manahan at manatili: **“1 Siyang tumatahan sa lihim na dako ng Kataastaasan. Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat. 2 Aking sasabihin tungkol sa PANGINOON, siya'y aking kanlungan at aking katibayan, ang Dios ko na siyang aking tinitiwalaan.” (Awit 91:1-2 KJV)**

Sa anumang kalamidad na dumadarating sa ating buhay, dapat tayong makatiyak na tanging ang Dios lamang makakapagligtas sa atin mula sa lahat ng mga pagsubok na pinagdaraan natin sa ating buhay. Ang ating paghahanda para sa labanan ay mahalaga ngunit hindi kayang palitan ng halaga ng pagtiwala ng lubos sa Dios sa ating buhay at ang magagawa Niya sa ating buhay.

“2 Ako'y dadaing sa Dios na Kataastaasan; sa Dios na nagsagawa ng lahat na mga bagay sa akin.” (Awit 57:2 KJV) Iniligtas ng Dios si David mula sa kritikal na kalagayan at iniligtas siya mula sa mga kamay ng kanyang pinakamapanganib na kaaway nang tumawag si David sa Panginoon. Inihanda at isinagawa ng Dios ang lahat ng bagay na kailangan niya upang pamahalaan ang kanyang buhay ayon sa layunin ng Dios. **Sa mga problema, kailangan nating matutong manalangin sa Dios at Siya ang magliligtas sa atin mula sa ating mga kaaway.**

Tingnan kung paanong ang kaaway ay dumating ng napaka lapit kay David kasama ng napakalaking hukbo ng mga tao, at hindi nag-alinlangan na si David at ang kanyang mga tauhan ay nagtatago sa lugar na iyon. Walang nakakaalam kung anong ginawa ng Dios kay Saul upang hikayatin siya na hindi pansinin ang posibilidad na nagtatago sina David at ang kanyang mga tao sa yungib. Dumating si Saul para magpahinga at takpan ang kanyang mga paa, upang makatulog ng sandali, pero hindi niya natuklasan si David. **“3 At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroonan ng isang yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang**

kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang mga tao ay tumatahan sa pinakaloob na bahagi ng yungib.” (1 Samuel 24:3 KJV) Pagkatapos ng ganoong karanasan ni David mas pinahalagahan ang presensya ng Dios sa kanyang buhay. Kaya’t nagpasya siya na tatangis at mananalangin sa Dios ang pinakamataas, na pinakamataas sa lahat ng mga pangyayari at kalagayan. **Matuto tayong tumagis sa Dios, na Siya lamang ang makakapagbigay-lunas sa atin at makakapagligtas sa atin mula sa ating mga kaaway.**

“3 Siya’y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako, pagka yaong lulunok sa akin ay dumuduwahagi; (Selah) susuguin ng Dios ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan.” (Awit 57:3 KJV) Tiyak na ipinadala ng Dios mula sa langit ang tulong kay David at sa kanyang mga tao upang iligtas sila mula sa kamatayan sa insidenteng iyon. Nang pumasok si Saul at ang kanyang mga tauhan sa yungib, itinago ng Dios si David at ang kanyang mga tauhan mula sa kanila, at binigyan niya si Saul at ang kanyang mga tao ng malalim na tulog upang makaligtas si David at ang kanyang mga lalaki. Kahit pa sa ilang pagkakataon, ipinapadala ng Dios ang Kanyang anghel upang lumaban para sa Kanyang bayan. **“13 Nguni’t kanino sa mga anghel sinabi niya kailan man, Lumuklok ka sa aking kanan, Hanggang sa ang iyong mga kaaway ay gawin kong tungtungan ng iyong mga paa? 14 Hindi бага silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?” (Hebreo 1:13-14 KJV)**

Mayroon tayong mabuting halimbawa ng anghel na ipinadala ng Dios upang iligtas si Pedro at iligtas siya sa kamatayan, **“7 At narito, tumayo sa tabi niya ang isang anghel ng Panginoon, at lumiwanag ang isang ilaw sa silid na kulungan: at tinapik si Pedro sa tagiliran, at siya’y ginising, na sinasabi, Magbangon kang madali. At nangalaglag ang kaniyang mga tanikala sa kaniyang mga kamay. 8 At sinabi sa kaniya ng anghel, Magbigkis ka, at itali mo ang iyong mga pangyapak. At gayon ang ginawa niya. At sinabi niya sa kaniya. Isuot mo sa iyo ang damit mo, at sumunod ka sa akin. 9 At siya’y lumabas, at sumunod; at hindi niya nalalaman kung tunay ang ginawa ng anghel kundi ang isip niya’y nakakita siya ng isang pangitain. 10 At nang kanilang maraanan na ang una at ang pangalawang bantay, ay nagsirating sila sa pintuang-bakal na patungo sa bayan; na kusang nabuksan sa kanila: at sila’y nagsilabas, at nangagpatuloy sa isang lansangan; at pagdaka’y humiwalay sa kaniya ang anghel. 11 At nang si Pedro ay pagsaulian ng isip, ay kaniyang sinabi, Ngayo’y nalalaman kong sa katotohanan ay sinugo ng Panginoon ang kaniyang anghel at iniligtas ako sa kamay ni Herodes at sa buong pagasa ng bayan ng mga Judio.” (Mga Gawa 12:7-11 KJV)**

“Siya’y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako, pagka yaong lulunok sa akin ay dumuduwahagi; (Selah) susuguin ng Dios ang kaniyang kagandahang-loob at ang kaniyang katotohanan.” Ang Dios sa pangyayaring iyon sa Awit 57, hindi Niya lamang isinugo ang Kanyang kaawaan at iniligtas si David, kundi isinugo Niya rin ang katotohanan. Initusan Niya si David ng katotohana ng Dios at ang kailangan niyang gawin kay Saul na nakahoga at inilagay sa kanyang kamay. Ang mga tauhan ni David ay hinimok siya na saktan si Saul ngunit tumanggi si David at sinabi sa kanila ang dahilan, **“4 At sinabi ng mga tao ni David sa kaniya, Narito, ang araw na sinabi ng PANGINOON sa iyo, Narito, aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kaniya kung ano ang mabutihin mo. Nang magkagayo’y tumindig si David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul. 5 At nangyari pagkatapos, na nagdamdam ang puso ni David, sapagka’t kaniyang pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul. 6 At kaniyang sinabi sa kaniyang mga lalake, Huwag itulot ng PANGINOON na ako’y gumawa ng ganitong bagay sa aking panginoon, na pinahiran ng langis ng PANGINOON, na aking iunat ang aking kamay laban sa kaniya, yamang siya ang pinahiran ng langis ng PANGINOON. 7 Sa gayo’y pinigilan ni David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad.” (1 Samuel 24:4-7 KJV)** **Kapag dumadaan tayo sa kahirapan nais pa rin ng Dios sa atin na mamuhay ayon sa katotohanan. Hindi dapat tayong gumawa ng maling mga bagay upang paginhawaan ang ating sarili.**

Huwag matukso na gumawa ng mali para lang maibsan ang sarili, sapagkat gusto pa rin ng God na sundin mo at manatili sa mga aral ng Kanyang Salita at iwasan ang paggawa ng masama kahit dumadaan ka sa mahihirap na panahon at pagsubok.

Isipin mo rin na may mga pagkakataon na binibigyan tayo ng God ng kalamangan laban sa ating mga kaaway para makaligtas tayo sa kanilang pinsala at hindi dahil gusto Niya tayong magsawa ng galit o saktan sila.

“4 Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako’y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang kanilang dila ay matalas na tabak.” (Awit 57:4 KJV) Si Saul at ang kanyang mga tauhan na pumasok sa yungib upang hanapin si David at ang kanyang mga tauhan, ay nakagawa kay David na parang napapaligiran ng mga leon, dahil hinahanap nila ang kanyang buhay.

Tulad ng ating Panginoong Jesus nang Siya ay dumating sa lupa na napapaligiran ng mga leon na nais nguyain ang Kanyang buhay nang Siya ay inusig, nang Siya ay banta, sinusubaybayan ng mga Judio, at Siya ay dinakip

at ipinako sa krus: **“12 Niligid ako ng maraming toro; mga malakas na toro ng Basan ay kumulong sa akin. 13 Sila'y magbubuka sa akin ng kanilang bibig, na gaya ng sumasakmal at umuungal na leon. 21 Iligtas mo ako sa bibig ng leon; Oo, mula sa mga sungay ng torong gubat ay sinagot mo ako.”** (Awit 22:12-13,21 KJV)

Ang gayong kasamang mga bagay ay naganap laban kay Jesus, mababasa rin natin ang ibang Kasulatan, **“Sa oras na yaon ay sinabi ni Jesus sa mga karamihan, Kayo бага'y nangagsilabas na waring laban sa isang tulisan, na may mga tabak at mga panghampas upang dakpin ako? Araw-araw ay nauupo ako sa templo na nagtuturo, at hindi ninyo ako dinakip.”** (Mateo 26:55 KJV) **“Nang magkagayo'y niluraan nila ang kaniyang mukha at siya'y kanilang pinagsusuntok: at tinatampal siya ng mga iba,”** (Mateo 26:67 KJV) **“Nang magkagayo'y dinala si Jesus ng mga kawal ng gobernador sa Pretorio, at nagkatipon sa kaniya ang buong pulutong.”** (Mateo 27:27 KJV) **“39 At siya'y nililibak ng nangagdaraan, na iginagalaw ang kanilang mga ulo, 40 At nangagsasabi, Ikaw na igigiba mo ang templo, at sa tatlong araw ay iyong itatayo, iyong iligtas ang sarili mo: kung ikaw ay Anak ng Dios, ay bumaba ka sa krus. 41 Gayon din naman ang paglibak sa kaniya ng mga pangulong saserdote, pati ng mga eskriba at ng matatanda, na nagsipagsabi,”** (Mateo 27:39-41 KJV)

Maaaring ilagay tayo ng mga pagsubok sa buhay sa harap ng mga leon at galit na mga tao, pero kailangan nating magtiwala sa Dios na magliligtas sa atin mula sa ganitong panganib. Ang diyablo ay parang leong umuungol. **“Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungol, ay gumagala na humahanap ng masisila niya:”** (1 Pedro 5:8 KJV) Nalagay din si Apostol Pablo sa gayong kalalagayan at iligtas mila sas bibig ng lion. **“17 Datapuwa't ang Panginoon ay sumaaakin, at ako'y pinalakas; upang sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay maitanyag ng ganap, at upang mapakinggan ng lahat ng mga Gentil: at ako'y iniligtas sa bibig ng leon.”** (2 Timoteo 4:17 KJV)

May mga pagsubok na pahihintulutan ng Dios sa ating buhay, pero gagawin Niya ang paraan para malampasan natin ito at ililigtas Niya tayo kahit pa mula sa bibig ng mga leon, para makita natin ang kadakilaan ng Dios at Siya ay luwalhatiin natin, papurihin at paluwalhatiin.

“4 Ang aking kaluluwa ay nasa gitna ng mga leon: ako'y nahihiga sa gitna niyaong mga pinaningasan ng apoy, sa mga anak ng tao, na ang mga ngipin ay sibat at mga pana, at ang kanilang dila ay matalas na tabak.” (Awit 57:4 KJV) Ipinapahayag ni David na siya ay kasama ng mga lalaking napadpad sa apoy ng impierno dahil sa kanilang mga kasalanan sa pagsisinungaling, paninira kay David kay Saul at sa huli'y binalak nilang patayin si David. Nabigyan si David ng pagkakataon na tapusin ang buhay ni Saul pero hindi niya ginawa dahil ipinagbabawal ito sa kanya ng Dios. Nang umalis si Saul sa yungib, sinundan siya ni David at pinagsabihan, kung bakit siya nakikinig sa iba na nagsasabi sa kanya ng kasinungalingan, na si David ang magpapahamak sa kanya. **“7 Sa gayo'y pinigilan ni David ang kaniyang mga tao ng mga salitang ito, at hindi niya sila binayaang bumangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad. 8 Si David naman ay tumindig pagkatapos, at lumabas sa yungib, at hiniyawan si Saul, na sinasabi, panginoon ko na hari. At nang lumigon si Saul ay iniyukod ni David ang kaniyang mukha sa lupa, at nagbigay galang. 9 At sinabi ni David kay Saul, Bakit ka nakikinig sa mga salita ng mga tao, na nagsasabi, Narito, pinagsisikapan kang saktan ni David? 10 Narito, nakita ngayon ng iyong mga mata kung paanong ibinigay ka ngayon ng PANGINOON sa aking kamay sa yungib: at sinabi sa akin ng iba na patayin kita: nguni't hindi kita inano; at aking sinabi, Hindi ko iuunat ang aking kamay laban sa aking panginoon; sapagka't siya ang pinahiran ng langis ng PANGINOON.”** (1 Samuel 24:7-10 KJV)

“5 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.” (Awit 57:5 KJV) Sa pagliligtas na ginawa ng Dios para kay David sa pagkakataong iyon ay nagpapatunay sa kanya na ang Dios ay higit sa lahat, kaya't isinulat niya, **“Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.”** Hindi lang iniligtas ng Dios si David kundi itinaas pa siya sa kanyang mga kaaway at nakita nilang malinaw na si David ay mas mataas sa kanila at ang Dios at sumasa kanya at binigyan si David ng maatas na kaluwalhatiin higit sa kanila.

Tunay na ang Dios ay higit sa lahat at ang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Dios ay higit sa lahat ng karunungan, gaya ng nakikita natin kung paano tayo inililigtas ng Dios mula sa lahat ng ating mga problema at kaaway. Kaya, habang inililigtas tayo ng Panginoon mula sa mga problema, pagsubok at ating mga kaaway, itaas natin ang Kanyang pangalan higit sa lahat ng bagay gaya ng ginawa ni David. **“Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.”**

“6 Kanilang hinandaan ng silo ang aking mga hakbang. Ang aking kaluluwa ay nakayuko: sila'y nagsihukay ng isang lungaw sa harap ko. Sila'y nangahulog sa gitna niyaon. (Selah)” (Awit 57:6 KJV) Naranasan ni David kung paano nila itinatayo ang isang lambat para hulihin ang kanyang mga galaw. Naghukay sila ng isang bitag para sa kanya. Nanginig ang kanyang kaluluwa dahil sa bigat ng ipinataw sa kanya. Pero ginawa ng Dios na posible na ang mga gumagawa ng ganitong bagay sa kanya ay sila mismo ang nahulog sa

bitag at sa parehong patibong na inihanda nila para kay David. **“15 Siya’y gumawa ng balon, at hinukay, at nahulog sa hukay na kaniyang ginawa. 16 Ang kaniyang gawang masama ay magbabalik sa kaniyang sariling ulo, at ang kaniyang pangdadahas ay babagsak sa kaniyang sariling bunbunan.”** (Awit 7:15-16 KJV) **“Ang mga bansa ay nangahulog sa balon na kanilang ginawa: sa silo na kanilang ikinubli ay kanilang sariling paa ang nahuli.”** (Awit 9:15 KJV) Ginawa rin ang kapareho sa ating Panginoong JesuCristo, ngunit iniligtas Siya ng Dios mula sa mga patibong at bitag na iyon. **Habang tayo ay nananalangin at patuloy na nagtitiwala sa Dios, gagawa ang Diyos ng kahanga-hangang mga bagay para sa atin, at ang mga kaaway na nagpapahirap sa atin ay makikita nating nahuli sa bitag na inihanda nila para sa atin.**

“7 Ang aking puso ay matatag, Oh Dios, ang aking puso ay matatag: ako’y aawit, oo, ako’y aawit ng mga pagpuri.” (Awit 57:7 KJV) Natapos ni David na may tiyak at matibay na pananampalataya matapos ang mga dakilang bagay na ginawa ng Dios para sa kanya laban sa kanyang mga kaaway. **Sa parehong paraan, hayaan natin na maging matatag din ang ating mga puso at sabihin at isabuhay ito, ang puso ko ay matatag: at dahil dito, tayo ay aawit at magbibigay-puri sa ating Dios.**

“8 Gumising ka, kaluwalhatian ko; gumising ka, salterio at alpa: ako’y gigising na maaga.” (Awit 57:8 KJV) Nanumbalik at nabuhay ang kaluluwa ni Haring David at sobrang saya niya sa Dios at binago ang sanaysay ng kanyang buhay tungo sa kasiyahan at pagpupuri. Tinatawag ni David ang kanyang kaluluwa na magising at magbigay ng kaluwalhatian sa Dios, na nagligtas sa kanyang buhay sa isang kahanga-hangang paraan. Sobrang tuwa ni David kaya tinawag niya ang mga instrumento upang magising at magpuri sa Dios.

“9 Ako’y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon, sa gitna ng mga bayan: ako’y aawit sa iyo ng mga pag puri sa gitna ng mga bansa.” (Awit 57:9 KJV) Sa mga nasaksihan ni David at kung paano siya iniligtas ng Dios sa isang kamangha-manghang paraan, naipakita niya ang Dios at ang Kanyang awa at katotohanan higit sa lahat. **“10 Sapagka’t ang iyong kagandahang-loob ay dakila hanggang sa mga langit, at ang iyong katotohanan hanggang sa mga alapaap.”** (Awit 57:10 KJV) Sa gayong patotoo sinabi ni David at ipinangako ang Kanyang sarili na magpuri sa Dios sa lahat ng mga bansa.

Sa pagtugon ni Apostol Pablo sa mga pagsubok na pinagdaanan niya at kung paano siya iniligtas ng Dios mula sa kanyang mga kaaway, Sinipi niya mula sa **Awit 57** talata 9 at 10 at pinangako niyang ipaalam sa mga bansa ang tungkol sa Panginoon, **“9 At upang ang mga Gentil ay makaluwalhati sa Dios dahil sa kaniyang kahabagan; gaya ng nasusulat, Kaya nga’t ikaw ay aking pupurihin sa gitna ng mga Gentil. At aawit ako sa iyong pangalan.”** (Roma 15:9 KJV)

Sa aking Mahal at Minamahal: Si Haring Saul at ang tatlong libong tauhang kasama niya ay dumating upang hanapin si David at habulin siya. Dumating sila sa lugar na kanyang tinataguan. Dumating sila dahil alam nilang isa sa mga posibleng taguan ni David ang yungib. Ang tanong, paano nagbago ang isip ni Saul at ng kanyang mga tao at nakumbinse sila na wala si David sa yungib? Tanging Dios lang ang nakakaalam. Dios ang nagbago ng kanilang mga kaisipan at iniwasan si David sa kanilang mga banta. Napagtanto ni David na gumawa ang Dios ng malaking himala sa lugar na iyon, pinahintulutan Niya kahit si Saul na magtiwala sa lugar at ginamit ito para humiga at matulog. Inilagay pa nga ng Dios ang buhay ni Saul sa kamay ni David. Kaya pagkatapos umalis ni Saul, nakita ni David na kasama niya ang Dios sa lahat ng kanyang mga pagsubok at ang Dios ay higit sa lahat; na maingat na binabantayan ang lahat ng detalye ng mga sitwasyon na dinaranasan ni David, at higit sa lahat, binabantayan ang kanyang buhay. Kaya kumanta si Haring David, **“11 Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.”** (Awit 57:11 KJV)

Kaya,

- Mahikayat tayo sa ginawa ng Dios kay David para iligtas ang kanyang buhay.
- Magtiwala tayo sa Dios para sa ating buhay at layunin, habang patuloy nating pinaglilingkuran Siya at ginagawa ang Kanyang kalooban.
- Magtiwala tayo sa Dios na Siya ay kasama natin sa gitna ng pinakamahirap na pagsubok sa ating buhay.
- Magtiwala tayo sa Dios na hindi Niya pahihintulutan na magtagumpay ang ating mga kaaway.
- Magtiwala tayo sa Dios na itatago Niya tayo at poprotektahan mula sa lahat ng ating mga kaaway.
- Magtiwala tayo sa Dios na bibigyan Niya tayo ng kalamangan at ilalagay tayo sa taas kaysa sa ating mga kaaway.
- Magtiwala tayo sa Dios na gagabayan at susuportahan Niya tayo upang makamit ang lahat ng Kanyang ipinagkatiwala sa atin hanggang sa Siya ay dumating at isama tayo sa langit kasama Niya.
- Magpatuloy nating purihin ang Dios at itaas Siya dahil tiyak tayo sa magagandang bagay na gagawin Niya para sa atin.
- Magpatuloy tayong gumawa ng mabuti at umiwas sa masama, na nagtitiwala na tamang kikiros ang Dios sa ating mga kaaway.

• Magpatuloy nating mag-evangelio at ipangaral ang Kanyang Salita, abutin ang bagong tao at ipaliwanag sa kanila tungkol sa Dios na makapagligtas ng kanilang buhay kung ilalagak nila ang kanilang tiwala sa Kanya.

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at muling nabuhay sa ikatlong araw upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan.

Ipahayag natin sa Panginoon ang ating mga kasalanan at pagkukulang.

Hilingin natin sa Dios ang kapatawaran sa ating kakulangan ng pagtitiwala sa Kanya, sa ating mga pagdududa, sa ating kakulangan ng pananampalataya at sa paggawa ng sarili nating paraan habang tayo ay dumaranas ng pagsubok.

Panginoon, salamat sa paliligtas sa akin mula sa lahat ng pagsubok at lahat ng mga kaaway na nais sirain ang aking buhay at ang iyong plano para sa akin.

*Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na yumaon at maglingkod sa iyo at gawin ang gawaing inihanda mo nang maaga para sa akin. Panginoon, nagtitiwala ako na binabantayan mo ng mabuti ang mga nangyayari sa aking buhay, at ililigtas mo ako tulad ng pagliligtas mo kay David mula sa pinaka malulupit na kaaway niya. Panginoon, ipagpuri ka sa lahat ng mga bansa at aawit ako at ipapahayag ang iyong pangalan sa mga Gentil. **“Mabunyi ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit; mataas ang iyong kaluwalhatian sa buong lupa.”***

Panginoon, ipinapanalangin ko na bigyan mo ako ng higit pang bunga ng Banal na Espiritu para magkaroon ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, pagpipigil sa sarili, kabaitan, kagandahang-loob, pagiging mapagbigay at pagtitiyaga. Panginoon, tulungan mo akong maging mabuting halimbawa sa iba upang sundan nila sa kanilang buhay at gabayan mo ako upang maipakilala ang iba sa Iyong Kaharian.

Panginoon, nagpapasalamat kami sa nakaka-hikayat at nakapagbibigay-katiyakan na Salita na aming natanggap mula sa Iyo. Panginoon, dagdagan mo ang pananampalataya ng aking mga kapatid na inilaan ang kanilang buhay sa pagsunod sa iyong mga daan at utos. Panginoon, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu upang magpatuloy sa direksyon na iyong ipinapadala sa kanila upang tuparin ang iyong plano sa kanilang buhay at maabot ang iba sa Evangelio ni Jesu-Cristo, ang aming Panginoon.

Panginoon, bigyan mo kami bilang simbahan ng lakas upang tumayo nang matatag laban sa lahat ng pagsubok, mga kaaway at mga taong sinusubukan ng Diablo na gamitin laban sa amin. Panginoon, tulungan mo kaming maabot ang mga bagong lugar at bagong tao sa Evangelio ni Jesus. Panginoon, tulungan mo kami na magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga bagong kapisanan. Panginoon humihyaw kami sa iyo na unahan mo kami at labanan ang aming mga laban. Panginoon, wala kaming iba kundi ikaw. Panginoon, harapin mo ang mga humahadlang sa amin at pumipigil sa amin bilang simbahan na magpatuloy at gawin ang iyong gawain. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE380351576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com